



BreastScreen
Aotearoa

Tagalog (Tagalog)

Ang pagpapa- mammogram

TimeToBreastScreen.nz

Salamat sa pakikilahok sa programa ng BreastScreen Aotearoa. Ang impormasyong ito ay makatutulong sa iyo na maghanda para sa iyong mammogram.

Ang mammogram ay isang x-ray na kumukuha ng mga larawang nagpapakita ng loob ng iyong suso. Ang mga larawan ay ibinibigay sa dalawang espesyalistang doktor upang suriin kung may mga palatandaan ng kanser sa suso.

Ang iyong mga larawan sa mammogram ay hindi sinusuri para sa iba pang problema sa kalusugan, tulad ng mga problema sa mga breast implant (o implant sa suso). Kung may mapansin kang anumang pagbabago sa iyong mga suso, mangyaring magpatingin agad sa iyong doktor, dahil kailangan itong masuri.

Libre ang iyong mammogram.

Paghahanap ng mga klinika at mga mobile unit ng BreastScreen Aotearoa

Maaari kang magpa-mammogram sa isang klinika o mobile unit ng BreastScreen Aotearoa. Karamihan ay may daanan o pasilidad para sa wheelchair (wheelchair accessible).

Upang mahanap ang pinakamalapit na klinika o mobile unit sa inyo, o upang palitan kung saan ka magpapa-mammogram, gamitin ang link sa iyong imbitasyon sa screening o tumawag sa libheng telepono numero **0800 270 200**. Upang makita ang iskedyul ng mobile unit online, pumunta sa **info.health.nz/keeping-healthy/cancer-screening/breast-screening/breast-screening-clinic-locations**



Ano na ang dapat kong gawin?

Para sa iyong unang mammogram, kailangan mong kumpirmahin ang iyong enrolment at magpa-iskedyul ng appointment. Maaari mo itong gawin gamit ang sarili mong link (personalized link) sa iyong imbitasyon o sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa **0800 270 200**.

Padadalhan ka ng mga imbitasyon sa screening tuwing 2 taon. Maaari mong ayusin ang bawat appointment gamit ang ibinigay na link o sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng telepono. Maaari mo ring i-update ang iyong mga detalye o baguhin ang petsa at lokasyon ng iyong mammogram. Mangyaring basahin ang polyetong **Screening for breast cancer** kung hindi mo pa ito nagawa.

Bago ang bawat appointment, tatanungin ka namin kung ikaw ay:

- nagkaroon na ng mammogram dati
- gumagamit ng wheelchair o nangangailangan ng wheelchair access
- nangangailangan ng tagapagsalin
- may problema sa paggalaw ng iyong balikat o braso
- may mga implant sa suso
- mayroong cardiac device tulad ng pacemaker.

Maaari mong ibigay ang impormasyong ito gamit ang link sa iyong imbitasyon, o sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa **0800 270 200**. Maaaring kailanganin naming baguhin ang iyong appointment o bigyan ka ng mas mahabang appointment.

Sa araw ng iyong mammogram

Maaari kang magdala ng kasama para sumuporta sa iyo. Kailangan niyang lumabas ng silid habang isinasagawa ang iyong mammogram, dahil kinukunan ka ng x-ray sa prosesong ito.

- Mangyaring huwag gumamit ng deodorant, talcum powder, moisturizer, sunscreen, pabango, o anumang krema sa iyong mga suso o kilikili. Maaaring maging mas mahirap nitong makita ang kanser sa x-ray.
- Kung may nailagay ka sa iyong balat, mangyaring ipaalam sa Medical Imaging Technologist (MIT) (na kumukuha ng mammogram) at bibigyan ka nila ng pamunas upang alisin ito.
- Hihilingin sa iyo na maghubad mula sa baywang pataas. Magsuot ng pang-itaas na madaling hubarin, tulad ng kamiseta o jersey.
- Maaari kang magsuot ng taonga, ngunit kailangang nakasabit o nakalagay ito sa iyong likod habang

kinukunan ng x-ray. Maaaring mas madali para sa iyo na tanggalin ang iyong alahas.

- Magdala ng iyong salamin sa pagbabasa kung sakaling kailanganin mo ito.
- Sabihin sa MIT kung mayroon kang mga implant sa suso o kung ikaw ay nasa hormone replacement therapy.
- Sabihin sa MIT kung mayroon kang cardiac device tulad ng pacemaker.

Ang iyong appointment ay tatagal ng 20–30 minuto.

Ano ang mangyayari kapag dumating ka?

Tatanungin ng receptionist ang iyong pangalan at mga detalye kapag dumating ka. Hihilingin sa iyo na basahin at lagdaan ang isang digital na form upang pumayag na magpa-mammogram.

Tatawagin ang iyong pangalan at bibigyan ka ng gown o pansapin sa katawan at ihahatid sa isang pribadong lugar upang maghubad mula sa baywang pataas.

Pagkatapos, papasok ka sa lugar na may mammogram machine (x-ray machine) kasama ang Medical Imaging Technologist (MIT) na kukuha ng mammogram. Lahat ng MIT ay mga babae. Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin, kausapin ang MIT.

Ano ang nangyayari sa oras ng mammogram?

Patatayuin ka ng MIT malapit sa mammogram machine at ipapababa o ipapabukas sa iyo ang iyong gown. Ilalagay ng MIT ang isa sa iyong mga suso sa pagitan ng dalawang plato (plates) ng makina at igagalaw ang iyong suso hanggang sa ito ay nasa tamang posisyon. Didiinan o pipisilin ng mga plate ang iyong suso nang hanggang isang minuto habang kumukuha siya ng x-ray.



Ang pagpisil o pagpatag sa iyong suso ay ginagawa upang:

- gawing manipis ang iyong suso upang makatulong sa x-ray na makita ang mga napakaliit na detalye
- panatilihin hindi gumagalaw ang suso upang makakuha ng malinaw na x-ray ng loob ng iyong suso
- bawasan ang dosis ng radyasyon.



Susubukan kang gawing komportable ng MIT ngunit maaaring hindi ka komportable sa mahigpit na pagpisil sa iyong dibdib. Hindi ito makakasama sa iyong mga suso. Kung ito ay masakit para sa iyo, mahalagang sabihin ito sa MIT upang gawin ka nilang mas komportable. May karapatan ka ring hilingin na itigil ang mammogram.



Hihilingin sa iyo na tumayo nang hindi gumagalaw nang hanggang isang minuto habang kumukuha ang MIT ng hindi bababa sa dalawang x-ray ng iyong suso.

Magagawang i-x-ray ng mammogram ang mga suso na may

iba't ibang laki. Maaaring mas mahirap makakuha ng magagandang x-ray na imahe ng malalaking suso at maaaring kailanganin ng radiographer na ayusin muli ang iyong suso nang mas madalas at kumuha ng mas maraming larawan.

Titingnan ng MIT kung ang iyong mga x-ray na larawan ay sapat upang maipadala sa isang radiologist (isang espesyalistang doktor). Nangangahulugan ito na tama ang posisyon ng suso at hindi malabo ang larawan. Hindi sinusuri ng MIT ang kanser; ito ay maaari lamang gawin ng isang radiologist.

Kapag ang MIT ay nakakuha na ng magagandang x-ray, ipapaalam nila sa iyo na tapos na ang iyong mammogram at maaari ka nang magbihis at umalis.

Iba pang mga bagay na dapat malaman

Kasaysayan ng pamilya

Ang mga kababaihang may family history ng kanser sa suso ay may bahagyang mas mataas na tsansa na magkaroon ng sakit na ito. Gayunpaman, karamihan sa mga kababaihang ito ay hindi nagkakaroong ng kanser sa suso. Sa katunayan, karamihan sa mga babaeng nagkakaroong ng kanser sa suso ay walang kasaysayan nito sa pamilya. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga para sa lahat ng kababaihan na maging maalam sa anumang pagbabago sa kanilang mga suso at magkaroon ng regular na mammogram.

Hormone Replacement Therapy

Kung ikaw ay sumasailalim sa hormone replacement therapy, maaari nitong mas maging mahirap para sa x-ray na ipakita kung ano ang nangyayari sa loob ng iyong suso.

Mga implant sa suso

Mangyaring sabihin sa MIT kung mayroon kang mga implant sa suso bago ang iyong mammogram. Maaaring matakpan ng mga implant ang ilan sa iyong tisyu ng suso, na nagpapahirap sa pagtukoy ng kanser. Maaaring kailanganin ng mas maraming x-ray kaysa karaniwan. Mayroon ding napakaliit na panganib na ang isang implant sa suso ay maaaring masira habang nagpapa-mammogram. Tumataas ang panganib na ito para sa mga mas lumang implant.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor, nars, o hauora provider, o bisitahin ang **TimeToBreastScreen.nz** o tumawag nang libre sa **0800 270 200**.



Scan the QR code to access available translations of BSA brochures into languages other than English and formats including Braille, audio, Large Print, Easy Read and NZSL.

FREEPHONE

0800 270 200

Kailan ko makukuha ang aking mga resulta?

Hindi bababa sa dalawang espesyalistang doktor ang titingin sa mga x-ray na larawan mula sa iyong mammogram upang suriin ang mga palatandaan ng kanser. Kokontakin ka ng BreastScreen Aotearoa tungkol sa iyong mga resulta sa loob ng 2-3 linggo. Ipapadala rin ang iyong mga resulta sa iyong doktor maliban na lamang kung hihilingin mong huwag itong ipadala. Nakakatulong ito upang manatiling updated ang iyong doktor tungkol sa iyong kalusugan. Mangyaring tawagan kami sa toll-free number **0800 270 200** kung hindi mo natanggap ang iyong mga resulta.

May maliit na bilang ng mga kababaihan ang hihilinging bumalik para sa isa pang mammogram dahil hindi maliwanag ang kanilang mga larawan.



Ang iyong impormasyon

Ang iyong mga tala at mammogram ay ligtas na iniimbak at pinananatiling kumpidensyal ng BreastScreen Aotearoa alinsunod sa Health Information Privacy Code. Upang makatulong sa pagsubaybay sa kalidad ng programa ng breast screening, maaaring mangolekta ang BreastScreen Aotearoa ng:

- impormasyon tungkol sa paggamot na iyong natanggap at maaaring kailanganin mo sa hinaharap
- iyong klinikal na impormasyon, mga mammogram, at mga ulat.

Sa pamamagitan ng pangangalap ng impormasyong ito, mas magiging tumpak ang pagsusuri ng iyong mga mammogram.

Ang impormasyon mula sa programa ng breast screening ay maaaring kolektahin ng Health New Zealand - Te Whatu Ora o ng mga ahente nito gamit ang iyong National Health Index Number.

Ang iyong mga karapatan

Ang iyong mga karapatan ay pinoprotektahan ng Code of Health and Disability Services Consumers' Rights.

Habang sumasailalim sa breast screening at pakikipag-usap sa BreastScreen Aotearoa, may karapatan kang:

- 1 tratuhin nang may paggalang.
- 2 tratuhin nang patas.
- 3 dangal at kalayaan.
- 4 suporta at pangangalagang angkop sa iyo.
- 5 maipaliwanag ang mga bagay sa paraang iyong nauunawaan.
- 6 maipaalam sa iyo ang tungkol sa iyong kalusugan.
- 7 gumawa ng sariling desisyon ukol sa iyong pangangalaga at suporta.
- 8 magkaroon ng tagasuporta o mga taong kasama mo.
- 9 magpasya kung nais mong makilahok sa pagsasanay, pagtuturo, o pananaliksik.
- 10 maghain ng reklamo.

Lahat ng pasilidad ng BreastScreen Aotearoa ay kailangang sumunod sa pambansang mga pamantayan sa kalidad, na independiyenteng sinusuri.

Maaari kang humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan kapag bumisita ka sa isang klinika o mobile unit ng BreastScreen Aotearoa. Maaari ka ring magbasa ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa **[hdc.org.nz](https://www.hdc.org.nz)**

Pinoprotektahan ng Health Information Privacy Code ang iyong privacy. Maaari mong basahin ang tungkol sa code sa **[privacy.org.nz](https://www.privacy.org.nz)**

Upang malaman kung paano magsampa ng reklamo o kung paano mag-opt out sa BreastScreen Aotearoa, tumawag nang libre sa **0800 270 200**. Maaari ka ring humingi ng tulong mula sa isang advocate ng Office of the Health and Disability Commission sa **0800 11 22 33**.



BreastScreen
Aotearoa

Health New Zealand
Te Whatu Ora

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government